# Katotohanang ang isa sa inyo,kapag namatay,ay ipapakita sa kanya ang mauupuan niya sa araw at gabi,Kung siya ay kabilang sa mga Tao sa Paraiso,siya ay mapapabilang sa mga Tao sa Paraiso,at kung siya ay kabilang sa mga Tao sa Impiyerno siya ay mapapabilang sa mga Tao sa Impiyerno,At sasabihin sa kanya; Ito ang uupuan mo hanggang sa bubuhayin ka ni Allah sa Araw ng Pagka-buhay.

Ayon kay Abdullah bin Umar-malugod si Allah sa kanilang dalawa;Na ang Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan -ay nagsabi; (( Katotohanang ang isa sa inyo,kapag namatay,ay ipapakita sa kanya ang mauupuan niya sa araw at gabi,Kung siya ay kabilang sa mga Taong mananahanan sa Paraiso,siya ay mapapabilang sa mga Taong mananahanan sa Paraiso,at kung siya ay kabilang sa mga Taong mananahanan sa Impiyerno siya ay mapapabilang sa mga Taong mananahanan sa Impiyerno,At sasabihin sa kanya; Ito ang uupuan mo hanggang sa bubuhayin ka ni Allah sa Araw ng Pagka-buhay.))

[Tumpak] [Napagkaisahan ang katumpakan]

Kapag namatay ang Tao,ipapakita sa kanya ang paglalagyan niya at uupuan niya mula sa Paraiso O Impiyerno sa bawat Araw at Gabi,Kapag ang namatay ay kabilang sa mga Taong mananahanan sa Paraiso,ang mauupuan nito na mula sa mauupuan ng mga Taong mananahanan sa Paraiso ay ipapakita sa kanya,Kapag ang namatay ay kabilang sa mga Taong mananahanan sa Impiyerno,ang mauupuan nito na mula sa mauupuan ng mga Taong mananahanan sa Impiyerno ay ipapakita sa kanya,At ang pagpapakita na ito, ay pagdadala ng magandang balita sa mga mananampalataya at pananakot sa mga walang pananampalataya sapagkat sasabihin sa kanya; Ito ang uupuan mo,hindi ka makakarating dito maliban kapag binuhay ka ni Allah ( sa Araw ng Pagka-buhay).

النجاة الخيرية
ALNAJAT CHARITY

لجنة الدعوة الإلكترونية
EDC
E-Da'wah Committee